## Alamin pa ang tungkol sa mga karapatan ng konsyumer sa ilalim ng CPA

- Maaaring kanselahin ang ilang kasunduan sa loob ng 10 araw (ang “cooling-off period”).
- Maliban kung pumayag ang konsyumer sa mas malayo pang petsa ng delivery, dapat magbigay ng refund para sa produkto o serbisyo sa loob ng 30 araw.
- Kung hindi naging patas ang negosyo, (hal.: paggamit ng luma at/o maling impormasyon para sa isang produkto o sobrang pagtataas ng presyo), maaaring kanselahin ang kontrata sa loob ng isang taon at makakatanggap ng buong refund.
- Magreklamo laban sa iyong negosyo sa Ministry of Public and Business Service Delivery.
- Tingnan ang batas sa**Consumer Protection Act** para malaman pa ang tungkol sa mga karapatang ito ng konsyumer

CONSUMER PROTECTION ONTARIO

**Umaasa kami na nakatulong sa iyo ang pangkalahatang impormasyong ito tungkol sa mga batas para sa proteksyon ng konsyumer sa pag-unawa kung paano ibebenta ang iyong mga produkto at serbisyo sa mga kostumer. Makipag-ugnayan kung mayroon kayong anumang mga tanong.**

## Kontakin kami

**Ontario.ca/BusinessCompliance**

**CPOBusinessEducation@ontario.ca**

**1-800-889-9768**
**TTY: 1-877-666-6545**

CONSUMER PROTECTION ONTARIO

# Pag-unawa sa Consumer Protection Act ng Ontario, 2002

## Para sa mga may-ari ng negosyo at operator



Ontario

## Ano ang Consumer Protection Ontario at paano nito sinusuportahan ang mga negosyo at konsyumer?

Ang Consumer Protection Ontario ay nagtataguyod ng mga karapatan ng konsyumer, tumutulong sa mga negosyo na matugunan ang kanilang mga obligasyon, at nagsasagawa ng mga kinakailangang hakbang para sa pagsunod at pagpapatupad para siguruhin ang pagkakaroon ng patas na merkado. Pinapangasiwaan namin ang Consumer Protection Act kasama ang iba pang batas para sa proteksyon ng konsyumer.

## Kabilang sa mga sektor ng negosyo na sakop ng CPA ang, ngunit hindi limitado sa:

- auto body repair at auto repair
- pagbebenta sa pagbabahay-bahay, tulad ng sa heating, ventilation and air conditioning (HVAC) equipment
- mga furniture sa bahay
- renovation, maintenance at roofing ng bahay
- mga serbisyo para sa paglilipat

## Ano ang mga legal na obligasyon ng mga negosyo sa ilalim ng CPA?

- Kapag nagbebenta ng mga produkto o serbisyo na lampas sa $50 o pumapasok sa partikular na mga transaksyon, dapat magbigay ng nakasulat na kontrata.
- Maningil nang hindi hihigit sa 10% ng tinatayang presyo maliban kung sumang-ayon ang konsyumer sa pamamagitan ng nasusulat na dokumento.
- Iwasan ang mga hindi patas na gawain, tulad ng sobrang pagtataas ng presyo at hindi tumpak, nakalilito, o mapanlinlang na representasyon.

## Mga uri ng kontrata:

- **Direkta**
  (hal.: ibinenta sa tahanan ng indibidwal)
- **Pagtupad sa hinaharap (future performance)**
  (hal.: may petsa ng delivery sa hinaharap)
- **Internet**
- **Remote**
  (hal.: ibinenta sa pamamagitan ng telepono o mail)
- **Mga serbisyo para sa pagpapabuti sa sarili (personal development services)**
  (hal.: membership sa gym)

